

# EL FILIBUSTERISMO TAUHAN AT MGA KATANGIAN NG BAWAT ISA

J. Rizal

El Filibusterismo

Segunda Parte

(Continuación del Noli me Tangere)

Novela filipina.

Facilmente se pueda suponer que  
un filibuster...  
a la...  
estró...

Ang El Filibusterismo ay karugtong ng nobelang Noli Me Tangere na parehong isinulat ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal. Marami sa mga tauhan ng Noli Me Tangere ang matatagpuan din sa El Filibusterismo.

Kabilang na d'yan sina Simoun (Crisostomo Ibarra), Basilio, Donya Consolacion, Kapitan Tiago, ang mga prayle, at marami pang iba. Marami ring nadagdag na tauhan sa nobelang El Filibusterismo na wala sa Noli Me Tangere.

Narito at iyong basahin ang aming ginawang El Filibusterismo tauhan at alamin ang kani-kanilang mga katangian.

Kung nais mo rin basahin ang buod ng buong kwento at buod ng bawat kabanata ng El Filibusterismo, bisitahin ang El Filibusterismo Buod ng Buong Kwento at El Filibusterismo Buod ng Bawat Kabanata 1-39 with Talasalitaan.

## El Filibusterismo Tauhan at Kanilang mga Katangian

---

### 1. Simoun

---

Siya ang nagbabalik na si Juan Crisostomo Ibarra sa nobelang Noli Me Tangere; mag-aalahas; pangunahing tauhan sa El Filibusterismo

### 2. Basilio

---

Kasintahan ni Huli; mag-aaral sa medisana; kalaunan ay napapayag ni Simoun na sumapi sa kanya

### 3. Kapitan Tiago

---

Kumupkop kay Basilio; ama-amahan ni Maria Clara; mayaman; namatay ngunit nagkaroon ng magarang burol at libing

### 4. Isagani

---

Pamangkin ni Padre Florentino; kasintahan ni Paulita Gomez

### 5. Kabesang Tales

---

Anak Tandang Selo; Ama ni Lucia, Huli at ni Tano; ginipit ng mga pari sa pamamagitan ng pagbabayad ng malaking buwis

### 6. Tandang Selo

---

Ama ni Kabesang Tales; lolo ni Huli

### 7. Huli

---

---

Anak ni Kabesang Tales; apo ni Tandang Selo; kasintahan ni Basilio; nagpakamatay dahil hinalay Padre Camorra

## 8. Kapitan Heneral

---

Kaibigan ni Simoun na may pinakamataas na posisyon sa pamahalaan

## 9. Mataas na Kawani

---

Kagalanggalang; tumutupad sa tungkulin; may paninindigan at may pananagutan.

## 10. Don Timoteo Pelaez

---

Ama ni Juanito Pelaez; naging kasanib ni Simoun sa negosyo

## 11. Juanito Pelaez

---

Pinakasalan ni Paulita Gomez bandang huli

## 12. Paulita Gomez

---

Naging kasintahan ni Isagani; napangasawa ni Juanito Pelaez; pamangkin ni Donya Victorina

## 13. Donya Victorina

---

Tiya ni Paulita Gomez; asawa ni Don Tiburcio

## 14. Don Tiburcio

---

Pinagtaguan ang asawang si Donya Victorina; nagtungo kay Padre Florentino upang doon magtago

## 15. Ben Zayb

---

Isang mamahayag na gumagawa ng sariling bersyon ng mga balita

## 16. Macaraig

---

Isa sa mga nakikiisa sa pagpapatayo ng akademya ng wikang Kastila

## 17. Pecson

---

Mag-aaral na nagbigay ng talumpati sa Panciteria; isa sa mga estudyanteng may hangaring magkaroon ng Akademya ng Wikang Kastila sa Pilipinas ngunit hindi umaasang matutupad ang hangaring ito

## 18. Sandoval

---

Kastila na sumasang-ayon sa ipinaglalaman ng mga mag-aaral

## 19. Placido Penitente

---

Estudyanteng nais nang tumigil sa pag-aaral; anak ni Kabesang Andang na taga-Batangas; nilait ni Padre Millon ng wala itong maisagot sa kanyang klase sa Pisika

## 20. Tadeo

---

Tamad na mag-aaral; mahilig magdahilan na may sakit upang hindi makapasok sa paaralan

## 21. Padre Salvi

---

Dating kura sa San Diego; pansamantalang nanungkulan sa Sta. Clara (ang kumbento kung saan naroon si Maria Clara); malapit na kaalyado ng Kapitan Heneral

## 22. Padre Camorra

---

Paring gumahasa kay Huli

## 23. Padre Fernandez

---

Paring natatangi; may paninindigan; hindi nalulugod sa tiwaling gawain ng mga pinuno at kawani ng pamahalaan at ng mga kapwa niya prayle.

## 24. Padre Florentino

---

Amain ni Isagani; Pilipinong pari na pinuntahan at nakausap ni Simoun bago ito mamatay

## 25. Padre Irene

---

Paring nakikiisa sa pagtatatag ng akademya ng wikang Kastila

## 26. Padre Millon

---

Paring guro sa pisika; lumait-lait sa estudyanteng si Placido Penitente ng wala itong maisagot sa kanyang klase

## 27. Ginoong Pasta

---

Tagapayo ng mga prayle

## 28. Don Custodio

---

Siya si Custodio de Salazar y Sanchez de Montereondo na tinaguriang "Buena Tinta"; ang magdedesiyon sa akademya ng wikang kastila

## 29. Quiroga

---

Intsik na mangangalakal; sa bodega nito ipinatago ni Simoun ang mga armas na gagamitin sa paghihimagsik

## 30. Kapitan Basilio

---

Mayaman na Kapitan sa San Diego; asawa ni Kapitana Tika; ama ni Sinang

## 31. Hermana Bali

---

Ang nagsabi kay Huli na lumapit kay Padre Camorra upang humingi ng tulong sa pagpapalaya kay Basilio

## 32. Hermana Penchang

---

Relihiyosang amo ni Huli

## 33. Kabesang Andang

---

Ina ni Placido Penitente; taga-Batangas

## 34. Kapitana Tika

---

Asawa ni Kapitan Basilio; ina ni Sinang

## 35. Ginoong Leeds

---

Amerikanong nagtanghal sa perya

## 36. Imuthis

---

Nagsasalitang ulo sa perya

## 37. Pepay

---

Isang mananayaw; hiningian ng tulong ng mga mag-aaral upang kausapin si Don Custodio tungkol sa akademya ng wikang Kastila

## 38. Sinong

---

Kutsero; ilang beses nabugbog dahil nakalimutan ang sedula at napundihan ng ilaw sa kasagsagan ng prusisyon

## 39. Mautang

---

Pilipinong gwardiya sibil na nagpapahirap sa kapwa Pilipinong bilanggo

## 40. Carolino

---

Nakapatay kay Tandang Selo na kaniyang lolo

## 41. Tiyo Kiko

---

Matalik na kaibigan ni Camaroncocado.

## 42. Paciano Gomez

---

Kapatid ni Paulita.

## 43. Camaroncocado

---

Isang espanyol na ikinahihiya ng kanyang mga kalahi dahil sa kanyang panlabas na anyo.

## 44. Sinang

---

Kaibigan ni Maria Clara; anak ni Kapitan Basilio at Kapitana Tika

## 45. Momoy

---

Isa sa panauhin sa kasalan nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez; kasali sa mga nag-usap-usap tungkol sa kaguluhang naganap sa piging nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez;

## 46. Kapitan Loleng

---

Isa sa mga nag-usap-usap tungkol sa kaguluhang naganap sa piging nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez; nagpayo kay Isagani na magtago dahil baka mapagbintangan na siyang may kagagawan sa kaguluhan sa piging nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez

## 47. Kapitan Toringgoy

---

Isa sa mga nag-usap-usap tungkol sa kaguluhang naganap sa piging nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez; nagsabi na baka ang mga prayle, o si Quiroga o si Makaraeg ay may kagagawan ng kaguluhan

## 48. Chichoy

---

Isa sa mga nag-usap-usap tungkol sa kaguluhang naganap sa piging nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez; nagsabi na si Simoun ang naglagay ng bayong na puno ng pulbura

## 49. Maria Clara

---

Namatay sa kumbento ng Sta. Clara; sinasabing paulit-ulit na hinalay ni Padre Salvi



## You May Also Like

